


Kilalanin Siya



Word from the Word
Ni Derek Prince

Ito si Derek Prince, at ang mensahe para sa iyo mula sa Salita ng Diyos.

> "Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."(Kawikaan 3:6)

Nais mo bang makatiyak na ang Diyos ang may kontrol sa iyong buhay at landas? Na ginagabayan Niya ang iyong mga pasiya at handang lutasin ang iyong mga problema?

Ang mga salitang ito ang susi upang magkaroon ka ng katiyakang iyan: “Kilalanin mo ang Panginoon sa lahat ng iyong mga lakad.” Sa bawat paghinto, sa bawat mahalagang pagbabago, at sa bawat pagkakataong maaari kang maglaan ng sandali upang magpahinga at huminga nang malalim, lalo na kapag hindi ka kailangang magmadali sa paggawa ng anumang pasiya.

Kilalanin Siya. Ang pinakamainam na paraan upang kilalanin Siya ay ang simpleng magpasalamat sa Kanya. Pasalamatan Siya dahil Siya ang may kontrol sa lahat ng bagay. Pasalamatan Siya sa Kanyang katapatan at sa lahat ng tulong na tinanggap mo mula sa Kanya noon. Pasalamatan Siya sa Kanyang karunungan at kapangyarihan.

Sa tuwing nagpapasalamat ka sa Kanya, kinikilala mo Siya. Patuloy mong ipinauubaya sa Kanya ang pamamahala sa iyong buhay at kalagayan. Sa ganitong paraan, patuloy kang tatanggap ng Kanyang patnubay at paggabay.

Kilalanin Siya sa bawat sandali sa pamamagitan ng maikling panalangin: “Salamat po, Panginoon. Salamat dahil Kayo ang may kontrol sa sitwasyong ito. Salamat dahil nasa Kayo ang sagot sa problemang ito. Sa bawat hakbang, Panginoon, kinikilala ko Kayo. Inilalapit ko sa Inyo ang bawat tanong at ipinauubaya ko sa Inyo ang bawat pasiya. Salamat, Panginoon, dahil Kayo ang may kontrol sa lahat ng bagay at handang umako ng pananagutan.”

Kapag kinikilala mo Siya sa bawat hakbang, makatitiyak kang gagabayan Niya ang iyong landas.

© 1970 - Derek Prince Ministries, International, Inc.

Debosyonal ★
Transcript: WD-WFTW-003-TGL
Huling Na-update: 05 Nov 2026
Website: Derekprince.com/tl/resources

